
3

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 4:
## Paggamit ng mga Bahagi ng Aklat sa Pagkuha ng Impormasyon




ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 4: Paggamit ng mga Bahagi ng Aklat sa Pagkuha ng Impormasyon**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jessa Mae R. Pendon, Dolly Jane B. Jamil, Irene C. Opinaldo

**Editor:** Cristy Agudera**,** Lorna C. Ragos

**Tagasuri:** Jennie T. Calamba, Myleen C. Robiños

**Tagawasto:** Mercy Y. Malarayap

**Tagaguhit at Tagalapat:** Oscar L. Edig at Jecson L. Oafallas

**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Josephine L. Fadul, Janette G. Veloso, Christine C. Bagacay, Analiza C. Almazan, Lorna C. Ragos, Ma. Cielo D. Estrada, Cristy S. Agudera, Mary Jane M. Mejorada, Alma D. Mercado

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 4:
## Paggamit ng mga Bahagi ng Aklat sa Pagkuha ng Impormasyon

# Paunang Salita

## Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Paggamit ng mga Bahagi ng Aklat sa Pagkuha ng Impormasyon!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

**Para sa mag-aaral:**

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) **Paggamit ng mga Bahagi ng Aklat sa Pagkuha ng Impormasyon!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.

6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Isang malugod na pagbati at nakaabot ka sa araling ito!

Sa modyul na ito, matututuhan mong gamitin ang mga bahagi ng aklat sa pagkuha ng impormasyon. Intindihing mabuti ang mga kahulugan at gamit ng bawat bahagi ng aklat.

May mga pagsasanay akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito. Gawin ang mga gawain o pagsasanay sa sagutang papel.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

Nakagagamit sa iba't ibang bahagi ng aklat sa pagkalap ng impormasyon (F3EP-Ib-h-5/F3EP-IIa-d5).

# Subukin

Basahin mo ang sumusunod na tanong at pahayag. Hanapin ang sagot mula sa loob ng panaklong at isulat sa sagutang papel.

Halimbawa: Ito ay bahagi ng aklat na tinatawag din na glosari.
(indeks, talahulugan)
Sagot: talahulugan

1. Ano ang tawag sa mga nakikita ng ating mga mata gaya ng pagiging manipis ng isang aklat?
(pamagat ng aklat, pisikal na anyo ng aklat)
2. Ito ay bahagi ng aklat na nakasaad ang sulat ng awtor o may akda sa mga mambabasa.
(paunang salita, pabalat)
3. Ito ay bahagi ng aklat na nakasulat ang mga paksang tatalakayin.
(pabalat, talaan ng nilalaman)
4. Ito ay bahagi ng aklat na may nakasulat na kahulugan ng salita.
(indeks, glosari)
5. Ito ay bahagi ng aklat na nakasulat ang pamagat ng aklat.
(paunang salita, pahina ng pamagat)
6. Ito ay bahagi ng aklat na nakasulat ng paalpabeto ang pangalan ng ibang awtor na kinunan ng importanteng impormasyon.
(glosari, bibliograpi)
7. Ang bahagi ng aklat kung saan mababasa mo ang nilalaman o paksa ng aklat.
(paunang salita, katawan ng aklat)
8. Ang bahagi ng aklat na nakasulat ng paalpabeto ang mga nilalaman o paksa ng aklat.
(indeks, glosari)
9. Ang bahagi ng aklat na nakasulat ang taon ng paglimbag ng aklat.
(karapatang-ari, paunang salita)
10. Ang bahagi ng aklat na nagsisilbing proteksiyon nito.
(glosari, pabalat)

| Aralin 1 | Paggamit ng mga Bahagi ng Aklat sa Pagkuha ng Impormasyon |
|---|---|

## *Balikan*

Kopyahin sa papel ang sumusunod na mga salita.

1. **Pabalat**
2. **Karapatang-ari**
3. **Talaan ng Nilalaman**
4. **Katawan ng Aklat**
5. **Talahulugan**
6. **Indeks**

## Tuklasin

Kulayan ang mga salitang bahagi ng aklat na iyong mababasa sa loob ng **word search puzzle**.

Mga Salita:


1. pahina ng pamagat
2. glosari
3. talaan ng nilalaman
4. pabalat
5. indeks
6. katawan ng aklat
7. karapatang-ari
8. bibliograpi
9. paunang salita

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| K | B | U | Y | T | R | E | W | S | F | G | T | K | K | F |
| A | C | P | A | B | A | L | A | T | D | G | A | B | A | V |
| T | P | C | R | L | K | J | T | R | Q | W | L | S | R | F |
| A | A | H | I | N | A | N | G | Q | P | R | A | G | A | T |
| W | U | X | E | R | T | Y | I | O | P | K | A | B | P | M |
| A | N | D | F | G | H | J | K | L | Z | X | N | R | A | Y |
| N | A | R | W | Q | Y | U | I | P | K | L | N | D | T | R |
| N | N | O | G | L | O | S | A | R | I | K | G | H | A | E |
| G | G | D | F | H | W | H | J | H | B | C | N | S | N | S |
| A | S | O | N | S | B | F | G | M | H | J | I | K | G | J |
| K | A | H | A | B | V | H | J | U | Y | T | L | B | A | M |
| L | L | N | T | Y | U | L | O | I | P | B | A | J | R | G |
| A | I | S | D | F | G | H | J | K | L | P | L | A | I | D |
| T | T | D | I | N | D | E | K | S | Q | M | A | K | K | E |
| A | A | I | O | P | K | G | H | J | K | L | M | G | L | K |
| P | A | H | I | N | A | N | G | P | A | M | A | G | A | T |
| B | I | B | L | I | O | G | R | A | P | I | N | R | J | T |


# Suriin

Mga Bahagi ng Aklat

Ang aklat ay binubuo ng iba't-ibang bahagi. Ito ay ang pabalat, pahina ng pamagat, pahina ng karapatang-sipi, paunang salita, talaan ng nilalaman, katawan ng aklat, bibliograpi, glosari at indeks.




Ang **pabalat** ang pinakaharapan ng aklat, nagbibigay proteksyon sa aklat upang hindi madaling masira. Makikita rito ang pamagat ng aklat. May matingkad na larawan upang makatawag pansin sa mambabasa.



Mga Kuwentong Nakakatuwa

Akda ni: Juan dela Cruz

Ang aklat na ito ay ginawa upang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Hinihikayat ang mga guro,magulang at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email kung may nakitang puna o mungkahi sa aklat na ito.

Ipadala ang inyong mga puna o mungkahi sa e-mail ad ng tagapangasiwa ng aklat na ito.

Sa **pahina ng pamagat** nakalagay ang pangalan ng aklat at pangalan ng may akda.

**Inilathala ng**

DJ Publishing Companies, Inc.
0001 Daang Ligaya

**Karapatang-Sipi** ng DJ Publishing Companies, Inc., 2019

Isinulat ni : Juan dela Cruz

Anomang parte ng materyales na ito ay hindi maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan gaya ng elektronik o mekanikal nang walang pahintulot sa tagapangasiwa ng lathalain.

**Inilimbag ng**

MOD-4 Press,Inc.
101 Daang Kalayaan

Sa **karapatang-ari** makikita ang taon kung saan at kailan inilimbag ang aklat.

## Paunang Salita

Ang aklat na ito ay sadyang sinulat para sa mga bata upang mahasa ang kakayahan nila sa pagbasa. Mayroon itong mga kuwento na may kalakip na iba't ibang gawain o pagsasanay. Marami ring mga magagandang aral na makukuha mula rito.

Ang mga kuwento ay nahahati sa apat na yunit upang maging matatas sila sa iba't ibang kasanayan sa pagbasa.

Sa pamamagitan ng aklat na ito, makararanas ang mga bata ng makahulugang pagkatuto at pagmamahal sa pagbasa.

Sa **paunang salita** nakasaad ang mensahe ng may-akda para sa kaniyang mambabasa. Nakalagay rin dito ang mga kapakipakinabang na dulot ng aklat sa mga gagamit nito.

## Talaan ng Nilalaman

Pahina

**Yunit 1: Paaralan at Bayan**


Ang Larawan.................................... 5

Pangarap Ko.................................... 10

Bagong Kaklase................................ 18

Ang Hagdanan................................ 22

Ang Hardin...................................... 26

Dakilang Bayan................................ 31

Mga Pangaral.................................. 38

Sa Paaralan..................................... 45

Sa Araw ng Linggo........................... 51

Ang Kayamanan.............................. 57


Sa **talaan ng nilalaman** makikita ang listahan ng mga paksang tatalakayin sa aklat.


10

**Kasanayan: Pagkuha ng Detalye**

**Kuwento: Ang Kayamanan**

**Unang Gawain**

Panuto: Isulat sa loob ng mga ulap ang pangalan ng mga tauhan sa kuwento na may pamagat na **Ang Kayamanan.**



62

Ang **katawan ng aklat** ang pinakamahalagang bahagi ng aklat. Dito mababasa ang nilalaman o paksa ng aklat.

Talahulugan

daga - isang mabalahibong hayop
dalaga - babaeng hindi pa nag-asawa
damit - bagay na isinusuot sa katawan
dasal - isinasaulo bilang alay sa Maykapal
datu - pinuno o lider ng isang tribu

Sa **talahulugan** o **glosari** malalaman ang kahulugan ng mga mahihirap na salita na ginamit sa aklat. Nakaayos ang mga ito ng paalpabeto, para madaling makita ng nagbabasa ang salita.

Bibiograpi

1. Baan, D. at Cino, P.: Mga Awiting Pambata,2000,pp. 134-167.
2. Dima, S.: Mga Ginintuang Kuwentong Bayan,2008, pp. 34-78,101-120.
3. Gomez,Z. at Santos,Q.: Kuwentong Pambata,2010, pp.12-20,56-78.

Sa **bibliograpi** nakatala ang pangalan ng manunulat at aklat na pinagkunan ng may-akda ng ilang mahahalagang impormasyon.

Indeks

1. Bansa,23,78,90,23,
   klima, 89, 11,123,124,156
   pisikal na anyo, 12, 11,14
   populasyon, 34,56,89,100
2. Hayop,56,78,99,115
   bahagi,23,45
   kilos at galaw,78,80,98
   pangangailangan,123,126,133
3. Pasyalan,145,151
   Makasaysayan,166,173
   sikat na lugar,149,152,156
   sinaunang lugar, 165,172

Sa **indeks** makikita ang talaan ng mga paksang nakaayos nang pa-alpabeto at pahina kung saan ito matatagpuan.

# *Pagyamanin*

## Pagsasanay 1

Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang pangalan ng bahagi ng aklat.

a. Talaan ng Nilalaman
b. Karapatang-ari
c. Katawan ng Aklat
d. Indeks
e. Pabalat
f. Talahulugan

1. 


__________

2.

A

Araw........................... 60-65
Aso.............................. 23-29
Atis.............................. 17,23,56

B

Bahaghari.................. 89,45,28
Bahay.......................... 45-48
Baril............................. 8,98-99
Bayani......................... 11-19

__________

3.

**Inilathala ng**

DJ Publishing Companies, Inc.
0001 Daang Ligaya

**Karapatang-Sipi** ng DJ Publishing Companies, Inc., 2019

Isinulat ni : Juan dela Cruz

Anomang parte ng materyales na ito ay hindi maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan gaya ng elektronik o mekanikal nang walang pahintulot sa tagapangasiwa ng lathalain.

**Inilimbag ng**

MOD-4 Press,Inc.
101 Daang Kalayaan

4.

| | |
|---|---|
| daga | - isang mabalahibong hayop |
| dalaga | - babaeng hindi pa nag-asawa |
| damit | - bagay na isinusuot sa katawan |
| dasal | - isinasaulo bilang alay sa Maykapal |
| datu | - pinuno o lider ng isang tribu |

5.

**Kasanayan: Pagkuha ng Detalye**

**Kuwento: Ang Kayamanan**

**Ikalawang Gawain**

Panuto: Iguhit sa loob ng kahon ang lugar kung saan nangyari ang kuwento. Kulayan ito.

63

6.

**Yunit 1: Paaralan at Bayan**


Ang Larawan.................................... 5
Pangarap Ko.................................... 10
Bagong Kaklase................................ 18
Ang Hagdanan................................. 22
Ang Hardin...................................... 26
Dakilang Bayan................................ 31
Mga Pangaral.................................. 38
Sa Paaralan..................................... 45
Sa Araw ng Linggo........................... 51
Ang Kayamanan.............................. 57


______________

## Pagsasanay 2

Suriin ang mga larawan at sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. Ano ang magiging pamagat ng aklat kung titingnan ang larawan na nasa ibaba?




   a. Ang Mga Bituin
   b. Malawak na Dagat
   c. Pamumuhay sa Bukirin

2. Ano ang paksa ng aklat kung titingnan ang talaan ng nilalaman?

Talaan ng Nilalaman


Yunit 1- Mga Hayop

Aralin 1- Mga Uri ng Hayop................ 1

Aralin 2 – Tirahan ng mga Hayop........ 5

Aralin 3- Mga Kilos ng mga Hayop.... 10


   a. bagay   b. hayop   c. pagkain

3. Anong bahagi ng aklat ang nasa ibaba?

**Inilathala ng**

DJ Publishing Companies, Inc.
0001 Daang Ligaya

**Karapatang-Sipi** ng DJ Publishing Companies, Inc., 2019

Isinulat ni : Juan dela Cruz

Anomang parte ng materyales na ito ay hindi maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan gaya ng elektronik o mekanikal nang walang pahintulot sa tagapangasiwa ng lathalain.

**Inilimbag ng**

MOD-4 Press,Inc.
101 Daang Kalayaan

a. Indeks     b. Pabalat     c. Karapatang-sipi

4. Sa pagitan ng anong pahina mababasa ang paksa tungkol sa mga bayani?

Indeks

A


Araw.......................... 60-65
Aso............................ 23-29

B

Bahay....................... 45-48
Bayani...................... 11-19

a. pahina 45-48     b. pahina 60-65     c. pahina 11-19

5. Anong bahagi ng aklat ang nasa ibaba?


10

Kasanayan: Pagkuha ng Detalye

Kuwento: Ang Kayamanan

Unang Gawain

Panuto: Isulat sa loob ng mga ulap ang pangalan ng mga tauhan sa kuwento na may pamagat na **Ang Kayamanan.**

62

a. Pabalat
b. Karapatang-sipi
c. Katawan ng Aklat

6. Ano ang kahulugan ng salitang **datu**?

Talahulugan

| | |
|---|---|
| daga | - isang mabalahibong hayop |
| dalaga | - babaeng hindi pa nag-asawa |
| damit | - bagay na isinusuot sa katawan |
| dasal | - isinasaulo bilang alay sa Maykapal |
| datu | - pinuno o lider ng isang tribu |

a. isang mabalahibong hayop
b. pinuno o lider ng isang tribu
c. bagay na isinusuot sa katawan

## Isaisip

Ano-ano ang iba't ibang bahagi ng aklat na makatutulong sa pagkuha ng mga impormasyon?



Ang mga bahagi ng aklat na ginagamit sa

pagkuha ng impormasyon ay ______________________________,

______________________________ ,______________________________,

______________________________ ,______________________________,


______________________________ ,______________________________,

______________________________ ,______________________________.

.

# Isagawa

Isulat ang letra ng tamang sagot. Gawin ito sa sagutang papel.




1. Ano ang pamagat ng maliit na aklat?
   a. Ang Bata  b. Pilipino  c. Batang May Pangarap

2. Anong bahagi ng aklat ang iyong nakikita sa mga larawan?
   a. indeks  b. pabalat  c. glosari

3. Anong larawan ang makikita sa mga aklat?
   a. inay  b. ama  c. bata

4. Ano ang pamagat ng aklat na may makapal na pahina?
   a. Ang Bata
   b. Mga Kuwentong Pambata
   c. Batang May Mga Pangarap

5. Pareho ba ang mga pisikal na anyo ng dalawang aklat? Bakit?
   a. Oo, dahil pareho silang may pamagat.
   b. Hindi, dahil magkaiba ng laki ang bawat aklat.
   c. Siguro, dahil pareho silang may guhit sa pabalat.

# *Tayahin*

## Gawain A

Panuto: Tukuyin ang bahagi ng aklat na inilalarawan sa bawat bilang. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. Pahina at paksa ng mga aralin

   a. Pabalat
   b. Paunang Salita
   c. Talaan ng Nilalaman

2. Nilalaman ng buong aklat

   a. Indeks
   b. Glosari
   c. Katawan ng Aklat

3. Maliit na diksyunaryo ng aklat

   a. Glosari
   b. Pamagat
   c. Bibliograpi

4. Pahinang naglalaman ng mensahe ng may-akda

   a. Pabalat
   b. Paunang Salita
   c. Talaan ng Nilalaman


5. Takip ng aklat na karaniwang matingkad ang kulay

   a. Indeks
   b. Pamagat
   c. Pahina ng Karapang-ari

Gawain B

Sagutin ang sumusunod na tanong. Bilugan ang letra ng iyong sagot.

Aklat A




Aklat B




1. Anong bahagi ng aklat ang iyong nakikita sa itaas?

    a. pabalat b. kahulugan c. katawan ng aklat

2. Alin sa dalawang aklat ang may pamagat na "Ang Pilipinas"?

    a. Aklat A b. Aklat B c. Wala sa nabanggit

3. Anong tawag sa bahagi ng aklat, kung saan nakalagay ang mensahe ng manunulat para sa kaniyang mambabasa?

    a. pabalat b. bibliograpi c. paunang salita

4. Anong bahagi ng aklat nakalagay ang listahan ng mga nilalaman o paksang tatalakayin?

    a. glosari b. indeks c. talaan ng nilalaman

5. Anong tawag sa bahagi ng aklat, kung saan nakalagay ang kahulugan ng mga mahihirap na salita?

    a. indeks b. talahulugan c. bibliograpi

# Karagdagang Gawain

## Gawain A

Basahin ang mga pahayag. Isulat sa sagutang papel ang salitang **Tama** kung ito ay wasto at **Mali** naman kung hindi wasto.

_________ 1. Mababasa sa talaan ng nilalaman ang taon kung kailan nailimbag ang aklat.

_________ 2. Sa talahulugan makikita ang mga kahulugan ng mahihirap na mga salita.

_________ 3. Makikita sa pabalat ang pangalan ng sumulat at lumikha ng larawan ng aklat.

_________ 4. Sa katawan ng aklat mababasa ang iba't ibang uri ng mga kuwento, teksto o mga gawain.

_________ 5. Sa karapatang-ari mababasa ang mga paksa at mga pahina na nasa loob ng aklat.

## Gawain B

Suriin ang indeks na nasa ibaba at sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Bansa, 23, 78, 90, 28,
  klima, 9, 11,123,124,156
  pisikal na anyo, 11, 24
  populasyon, 34, 56, 89, 100

Hayop sa Pilipinas, 56, 78, 99,115
  bahagi, 23, 45
  kilos at galaw,78,80,98
  pangangailangan,123,126,133

Pasyalan, 145, 151
  makasaysayan,166, 173
  sikat na lugar,149,152,156
  sinaunang lugar, 165,172

Pilipinas, 111,123,144
  kasaysayan, 1-10

1. Ano ang tawag sa bahagi ng aklat na makikita sa itaas?

   ______________________________

2. Anong paksa ang mababasa mo sa mga pahina 11 at 24?

   ______________________________

3. Sa anong mga pahina mababasa ang mga kilos at galaw ng mga hayop sa Pilipinas?

   ______________________________

4. Kung gusto mong malaman ang kasaysayan ng Pilipinas, sa anong mga pahina ng aklat mo ito mababasa?

   ______________________________

5. Anong paksa ng aklat ang babasahin mo kung gusto mong malaman kung kailan ang tag-ulan at tag-init sa bansang Pilipinas?

   ______________________________

# Susi sa Pagwawasto

**Isagawa**

1. C
2. B
3. C
4. B
5. B

**Tayahin**

Gawain 1

1. C
2. C
3. A
4. B
5. B

**Tayahin**

Gawain 2

1. A
2. A
3. C
4. C
5. B

**Karagdagang Gawain**

Gawain A

1. MALI
2. TAMA
3. TAMA
4. TAMA
5. MALI

**Karagdagang Gawain**

Gawain B

1. index
2. pisikal na anyo
3. 78, 80, 98
4. 1-10
5. klima

**Subukin**

1. pisikal na anyo ng aklat
2. paunang salita
3. talaan ng nilalaman
4. glosari
5. pahina ng pamagat
6. bibliograpi
7. katawan ng aklat
8. indeks
9. karapatang-ari
10. pabalat

**Balikan**

1-5
(Pagkopya ng mga salita o parirala)

**Tuklasin**
**Mga Salita:**
1.pahina ng pamagat
2.glosari
3.talaan ng nilalaman
4.pabalat
5.indeks
6.katawan ng aklat
7.karapatang-ari
8.bibliograpi
9.paunang salita

**Pagyamanin**

**Pagsasanay 1**

| | | |
|---|---|---|
| 1. | E | 4. F |
| 2. | D | 5. C |
| 3. | B | 6. A |

**Pagsasanay 2**

| | | |
|---|---|---|
| 1. | A | 4. C |
| 2. | B | 5. C |
| 3. | C | 6. B |

**Isaisip**
1. pabalat
2. pahina ng pamagat
3. pahina ng karapatang-sipi
4. paunang salita
5. talaan ng nilalaman
6. katawan ng aklat
7. glosari
8. bibliograpi
9. indeks

# *Sanggunian*

Alde,Amaflor,Lea Agustin,Aireen Ambat, Josenette Brana, Florenda Cardinoza, Dolorosa Castro,Modesta Jaurigue, Louiegrace Margalio, Natasha Rae Natividad, Ronald Ramilao, Cynthia Reyroso,Agnes G. Rolle, Marcelita Salazar, Jenny-Lyn Trapane. Batang Pinoy Ako: Kagamitan ng Mag-aaral sa Filipino 3, Pasig: Lexicon Press, Inc.,2017, ii-v.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph